

Chapter *One*

*N*ot many things could make Marikita Mariposa Mendoza batsh*t crazy. Una, huwag siyang tatawagin sa buong pangalan niya, kung di ay maghahalo ang balat sa tinalupan. She was Kai, goddamn it. Not Mari-f*cking-kita.

Bente seis na siya, pero hindi pa rin siya maka-get over sa pagtraydor sa kanya ng mga magulang niya. Like, seriously? Naming their only daughter Marikita? She was sure it was a form of child abuse. She was certainly *not* Mariposa. Parang stage name iyon ng isang agogo dancer! It was Kai, damn it. Kai.

Huwag na siyang tanungin kung bakit naging

Kai ang palayaw niya mula sa Marikita Mariposa. Magdidilim ang paningin niya. Kai ang pangalan niya. O dadanak ang dugo. At heto ang malupit. Ask her the names of her siblings. F*cking ask her. It still drove her furious every time she thought about it. Goddamn parents.

Mabuti sana kung ganoon din ang pangalan ng mga kapatid niya. Iyong tipong pang-freedom fighters ba. Iyong tipong Makibaka, Malakas, Makaraig, Makaudyok. Matatanggap niya kung lahat sila ay ganoon. Family quirk kunwari.

But alas, alas, her parents were sadistic pricks who wanted her to suffer for all eternity. Alone. Lost. Forever wandering in this world with her ghastly name. Because her brothers were named Jordan, Paul, Cole and Calvin.

What the f*ck!

She couldn't get over it. The other thing that drove her just as nuts, if not much more, was people stealing her chocolates. Her beloved, gooey, orgasmic chocolates. *Chocnut*, *Toblerone*, *Lala*, basta chocolate, papatusin niya.

And now she stared at the crime scene. She stared horrified at the empty, desecrated box of heavenly confectionary.

“Cole, you prick!” singhal niya. “Kinain mo na naman ’yung chocolates ko!” Hinagilap niya ang wala nang lamang kahon ng tsokolate at tumakbo palabas ng locker room. Nakasalubong niya si Calvin, ang kakambal ni Cole, at nag-angat ito ng kilay nang makita ang hilatsa ng mukha niya.

“Don’t kill him,” pahabol nito sa kanya nang tumakbo siya papunta sa main room ng restaurant.

Goddamn it. She should wreck his precious *Mustang*. Tingnan niya kung maglakas-loob pa ulit itong magnakaw ng mga tsokolate niya.

Paul baked those chocolate truffles for their mother’s birthday yesterday. Mahal ang ingredients niyon at imported pa! She could still remember when she first smelled the heavenly scent of cocoa, and tasted the melted chocolate and cream last night. Halos maduling siya sa ligaya. Bliss. Pure bliss. Talagang inuunti-unti niyang kainin iyon. Parang langgam ang kagat ni Kai para namnamin ang bawat piraso.

Tapos lalapain lang ng hudas niyang kapatid?

Ugh! Cole had better watch his back. She’d spray hot pink paint on his beloved car! And Cole hated pink.

Naningkit ang mga mata niya nang matanaw

ang kapatid sa tabi ng cash register. Malapad ang ngiti nito habang nakikipaglandian sa isang customer.

Oooh, the bastard. Ibinato niya rito ang box ng tsokolate at sapol ito sa ulo.

“The f*ck!”

Hinimas nito ang parteng nasaktan at inilibot ang mga mata sa paligid para hanapin ang bumato. Matalim ang mga mata nito. Iyong tingin na baka magpanginig sa tuhod ng mga serial killers. Lalo lang nag-init ang bumbunan niya.

Nakalapit na siya sa kapatid. Suminghal siya at sinunggaban ito.

“What the hell, Kai!” angal nito nang sumalpok ang katawan niya sa tiyan nito. Pilit nitong hinagilap ang mga balikat niya.

Umigkas ang braso niya at tumama sa panga nito ang kamao niya. He grunted and stumbled back. Matatangkad ang mga kapatid niya at malalaki ang katawan. Halos mahigit six feet ang taas ng mga ito at puro muscles. Pero matangkad din siya. Five ten siya at balingkinitan man ang pangangatawan, superior ang muscle tone niya. No surprise there. Growing up with four big brothers did that to her. She might be smaller and lighter, but she could

throw a mean punch.

“Ano na nama’ng tinira mo!” singhal ulit ng kapatid niya at pinunasan ang dugo sa bibig nito.

“You f*cktard!” Kinuwelyuhan niya ito at naningkit ang mga mata niya sa mantsa ng tsokolate sa tela roon. “You ate my chocolates again!”

Nanlaki ang mga mata nito at umawang ang mga labi. Lumunok ito at naglikot ang tingin sa paligid para siguro humingi ng saklolo.

Too bad, dear brother. Walang darating na tulong.

“Hey, Kai, hindi ako ang kumain n’un—”

“You dare lie?” Hinagilap niya ang tainga nito at pinikot iyon.

“Ow! Ow! Ow!”

“Ayan na ang ebidensya! Mas malinaw pa sa sinag ng araw! Kitang-kita! May mantsa ng chocolate ’yang kuwelyo mo! At ikaw lang ang magnanakaw n’un!”

“Calvin and Jordan love chocolates, too!”

“Calvin’s too honorable to steal chocolates, and Kuya Jordan’s too stuck-up to sneak into the locker room! Ikaw lang ang salarin! Ugh! Ang mahal-mahal ng chocolates na ’yon! How dare you!”

“Si Devlin! Nakita kong masama ang tingin niya

sa chocolates mo kagabi!”

“Oy, ’wag mo ’kong idamay d’yan,” sapat ni Devlin mula sa bar.

Tinapunan niya ng tingin ang matangkad at mestisuhing lalaki. Surrogate brother na niya ito. Kasabay nila itong lumaki, at halos magkapalit na ang mga mukha nila dahil lagi nila itong kasama.

“I believe you, Devlin,” madamdamin niyang sagot. “Alam kong hindi mo ’ko pagnanakawan ng tsokolate.”

“Hey! Hey! Believe me, too! I didn’t—”

Lalo niyang piningot ang tainga ni Cole.

“Ow! Ow! Masakit na! Ask Paul to bake some for you again!”

“I can’t! Mahal ang ingredients n’un! Sa kakuriputan ni Kuya Jordan, hindi na ’yon magbibigay ng pera!”

“Fine! Fine! I’ll give you money! I’ll ask Paul to bake more! Give my ear back!”

“Give my chocolates back!”

“Babayaran ko nga!”

“You’d better!” Inis niyang binitawan ang tainga nito.

“Goddamn it, Kai!” Hinimas-himas ni Cole ang namumulang tainga, at mabilis na umatras mula sa

kanya. “It f*cking hurts!”

“Alalahanin mo ’yan bago mo nakawin ulit ang mga tsokolate ko. Ibigay mo ’yung pera sa ’kin bukas, or else...” Hinagilap niya ang isang cutter, at itinarak iyon sa kahon ng tsokolate na bumagsak sa malapit nang ibato niya iyon sa kapatid.

Lumunok at umatras ulit si Cole, at halos i-plaster ang katawan sa pader sa likod ng cash register. “We need to do something about your violent tendencies, dear sister. Kailangan mong uminom ng gamot.”

“We need to do something about your thieving hands, dear brother. Putulin kaya natin.”

“Tama na,” narinig niyang sabat ni Calvin sa likuran niya.

Inagaw nito ang cutter mula sa kanya at ibinalik sa holder. Nakita niyang nakahinga nang maluwa si Cole sa pagdating ng kakambal nito. Akala ba nito ay maililigtas ito ni Calvin?

She sneered evilly. Oh, to be young and stupid.

Sininghalan niya ulit si Cole at binalingan si Calvin. “Do something about your twin.”

Umiling ito at bumaling kay Cole. “Bill. Five and seven.”

Kung gaano ang idinaldal ni Cole, siya namang

itinipid magsalita ni Calvin. She swore may quota ito ng salita sa isang araw. Ang kuwento ng mga magulang nila, five years old na ito ay hindi pa rin halos nagsasalita. Akala nga ng parents nila ay autistic ito. It turned out that Calvin just didn't like talking. Ganoon pa rin ito hanggang ngayon.

“Five and seven?” ulit ni Cole saka maingat na bumalik sa cash register habang maingat ding nakatitig sa kanya. “Okay. Cal, tell her to go away.”

Suminghal siya at bumaling ulit kay Cole. Mabilis itong tumalon paatras at itinaas ang dalawang kamay. Hinagip ni Calvin ang balikat niya bago pa niya maumbagan ulit ang kapatid.

“Shoo!” Iwinasiwas ni Cole ang mga kamay nito. “Go away! Drink your medicine! Go away!”

“Uhm... excuse me,” sabat ng kung sino sa likuran nila. “Uh... follow up ko lang 'yung order namin. Medyo matagal na kasi.”

Sabay nilang binalingan ang lalaking sumabat, at agad itong umatras. Natakot siguro sa hitsura nila. Hindi niya ito masisi. Two bulky men and one homicidal chick. Mukha siguro silang nangangain ng customer. The poor guy looked like he wanted to run.

“Uhm... okay lang. Sige, ano na lang—”

“Hey, man, it’s okay. Follow up ko.” Maaliwalas na ngumiti dito si Cole. “Ano’ng order n’yo?”

Mukhang nakahinga nang maluwag ang lalaki at ibinigay ang order nito. Pagkatapos ay sumulyap ito sa kanya. Napakunot-noo tuloy si Kai. Bakit? Natsalikan ba siya ng dugo kaninang sinapak niya si Cole? Bastard. Dapat suntukin niya ito ulit kung ganoon nga. Wala sa sariling napahawak siya sa pisngi at sa maikli niyang buhok.

“Anything else?” matigas na untag ni Cole.

Humakbang paabante si Calvin papunta sa lalaki. Para lang itong *Incredible Hulk* na mananapak. She swore she saw his skin turning green. Nanlaki ang mga mata ng customer at mabilis itong umiling at umatras.

“Ah, no, no! Wala na.”

“Good,” sambit ni Cole sabay akbay sa kanya.

Inis niya itong siniko pero hindi siya nito binitawan. Matigas itong ngumiti sa lalaki.

“This is our little sister. Her name is Kai,” anito. “Yung huling nanligaw dito, bumibisita pa rin sa ospital buwan-buwan.”

Namutla ang lalaki at halos tumakbo pabalik sa mesa nito.

Inikot ni Kai ang mga mata at muling siniko si

Cole. Hobby ng mga ito na pagdiskitahan siya. As if kailangan niya ang mga ito para takutin ang mga lalaki. One look at her and all the boys either ran in the opposite direction, or just plain ignored her. Too tall, too skinny, too loud, too violent. Pfft. Whatever.

“Yung pera bukas,” babala niya sa kapatid.

“Ibigay mo ’yon.”

“Yeah, yeah.” Itinaboy siya nito ulit. “Alis na! Shoo!”

Ginulo ni Calvin ang buhok niya pagdaan niya rito.

Dinampot niya ang bag na iniwan sa isang mesa bago nagtungo sa exit ng *Kali Bar and Grill*. Pero bago pa makarating si Kai sa pinto ay bumukas iyon at humantad si Lindsay.

“Hey! Girlfriend! Uwi ka na?” Pakembot itong lumakad papunta sa kanya.

Halos masilaw siya sa kinang ng beaded red dress nito. And darn, nakalimutan na naman yata nitong magsuot ng pang-ibaba. Kaunting tungo lang ng babae ay sigurado siyang makikita na niya ang underwear nito. Iyon ay kung may underwear ito.

“Lindsay, ’asan ang shorts mo? Nakalimutan mo na naman yata.”

“Oh, shush!” Maarte nitong ginulo ang mahaba

at kulot nitong buhok.

Halos maubo siya sa pagkalat ng mabangong amoy niyon sa paligid.

“I’m going out. Cole ate my chocolate truffles *and* all the chocolate ice cream. I need to buy some. Sige.”

“Okay, later dear!” Maarte nitong hinagkan ang hangin malapit sa pisngi niya bago pakembot na naglakad papunta kay Calvin.

Nakita niyang nakatiim-bagang ang kapatid at nakakuyom ang mga palad ito. Napailing siya.

Good luck, dear brother.

Ang pusta nila ni Cole ay ilang buwan na lang at bibigay na rin si Calvin sa mga kuko—este—sa alindog ni Lindsay.

“Oy, nga pala,” pahabol sa kanya ni Cole. “Yung bago mong kapit-bahay, ’wag mo daw takutin sabi ni Mama!”

Binigyan niya ito ng dirty finger bago siya lumabas ng restaurant. Narinig niya ang tawa ni Lindsay at sigurado siyang lahat ng lalaki sa loob ay napabuntong-hininga sa tunog niyon.

She couldn’t blame them. Lindsay was every man’s wet dream.

Sa labas ng restaurant, malamig ang simoy ng

hangin na nagmumula sa dagat at malamlam ang ilaw na galing sa mga lamp lights at bituin. Nag-inat si Kai at ipinilig ang ulo sa kaliwa at sa kanan.

Napatingin siya sa pudpod nang rubber shoes niya at mahahabang mga binti. Unlike her, Lindsay was curvy. Mahuhubog ang mga binti nito at malusog ang dibdib, malapad ang mga balakang.

Pasimple niyang sinulyapan ang halos patag niyang dibdib. Pasimple din niyang kinapa iyon. Yup. Small, barely there. They were so small she didn't even need a bra most of the time. Oh, well.

Nagkibit-balikat siya at binilisan ang lakad nang matanaw ang convenience store. Sinulyapan niya ang dalampasigan, at nakita ang ilang mga turista na nagtatampisaw sa tubig. Tapos na ang bakasyon at malapit na rin ang buwan ng tag-ulan, pero marami-rami pa ring mga turista sa Pagudpud. Karamihan sa mga ito ay mga banyaga. Tag-init kasi sa karamihan ng mga bansang pinanggalingan ng mga ito, habang tag-ulan naman sa Pilipinas. Marami sa mga ito ang—

“Hey! What are you—Ow!”

Napalipad ang tingin ni Kai sa boses, at nakita ang dalawang lalaki na naghihilahan ng bag. Sinuntok ng lalaki ang isa, at nabitawan

ng pangalawa ang bag at bumagsak ito sa lupa. Tumakbo ang snatcher dala-dala ang ninakaw nitong bag.

Tsk. Magnanakaw na naman? Dumadami na ang mga ito kasabay ng pagdami ng mga turista.

“Oy!” sigaw niya sa snatcher at hinabol ito.

Nilingon siya ng snatcher, at nagmura. Takot sa kanya? Good! *I'm your worst nightmare.*

Dumampot siya ng bato at inasinta ang kamay ng kawatan na may hawak sa bag. Boom! Nag-fist pump siya. Her father would have loved that one. Sapul ang pupulsuhan ng lalaki at nabitawan nito ang bag.

Akmang pupulutin ng magnanakaw ang bag, pero naabutan na ito ni Kai at ikinuyom niya ang palad. Sinuntok niya ito sa panga at napaatras ito. Sinipa niya ang likod ng isang tuhod nito. Napaungol ang lalaki at bumagsak sila sa lupa. Akmang kukuwelyuhan niya ang magnanakaw, pero gumulong ito, hindi magkandaugaga sa pagtayo at pagtakbo.

Parang kabayo sa bilis tumakbo ang gago. Hahabulin pa sana niya ito, pero pinigilan niya ang sarili. Paano kung may mga kasama ito? Baka ma-trap pa siya. No, thanks. There's a thin line between

bravery and stupidity. She was not stupid.

Maliban na lang sa Math. She hated that subject with a passion.

Dinampot ni Kai ang bag at pinagpagan ang kanyang shorts. Sinipat niya ang mga binti at braso niya. Walang gasgas. Good. She hated alcohol and antiseptics.

Nakarinig siya ng mga yabag, at naalerto ang katawan niya. Marahas siyang pumihit sa direksyon niyon, nakaumang ang mga kamao para protektahan ang sarili. Nakita niyang tumatakbo papunta sa kanya ang ninakawang lalaki.

Huminto ito sa tapat niya, marahas ang paghinga at nilalaro ng hanging dagat ang maikling buhok.

“Miss! Okay ka lang?” Hinawakan siya nito sa balikat at mabilis na pinaglandas ang tingin sa mukha at katawan niya. “Why did you do that? Pinabayaan mo na dapat! Wala namang importanteng laman ’yang bag! You could have gotten hurt!”

Hinawakan nito ang pisngi niya at ibinaling sa kaliwa ang kanyang mukha, pagkatapos ay sa kanan. Nang masigurong wala siyang sugat doon, nagpakawala ito ng hininga saka siya binitawan at

muling pinadaan ang tingin sa katawan niya.

“Are you hurt? Nakita kong bumagsak ka kasama n’ung snatcher—”

“I’m okay...” Napamaang si Kai habang nakatitig sa lalaki.

Tumango ito, pinahid ang pawis sa noo, at isinuklay ang mga daliri sa maikli nitong buhok. Itim na itim iyon. Namumula naman ang panga nitong sinuntok ng magnanakaw, panga na parang hinulma sa bato. And those cheekbones? Killer cheekbones ang tawag doon ni Lindsay. High, chiseled, sharp. In fact, everything about him looked chiseled and strong.

His nose deserved a fan club, really. At sasali si Kai kung mayroon. It was so goddamn straight and perfect. And those lips? Full and sensual. His mouth was a f*cking piece of art. He had soft brown eyes framed by thick, dark lashes. Damn. Mas makakapal at mas malalantik pa yata ang mga pilikmata nito kaysa sa kanya.

And the body? Oh, man. Dapat ay immune na siya sa muscles at testosterone dahil sa mga kapatid niya. Pero pamatay din ang katawan ng lalaking ito. Mukhang wala itong body fat.

“Hey, are you okay?” Kumunot ang noo nito at

itinaas ang isang kamay para hawakan sa pisngi si Kai. “Are you hurt? Gusto mong pumunta tayo sa ospital?”

Sinapo ng malaki nitong palad ang kanyang pisngi, pero nang mapagtanto ang ginawa, namula ang mga pisngi nito at agad binawi ang kamay.

“Uhm...” Isinuksok ng lalaki sa bulsa ng pantalon ang mga kamay nito at umatras. “Ah... sorry... and... thank you. I can’t fight, but... you really shouldn’t have run after the snatcher. You could’ve gotten hurt, and uhm... thank you, so uh... f*ck.” Umungol ito at inihilamos ang kamay sa mukha.

Ngumisi si Kai. God, he was cute. Gusto niya itong kurutin sa pisngi.

“This is embarrassing,” sambit ng lalaki. Bumuga ito ng hangin at sinulyapan siya. Umungol ulit ito nang makitang nakangisi siya. “Yup, definitely embarrassing.”

Tumawa siya at umiling. He was really cute. Gusto niya itong iuwi sa bahay at gawing human-teddy bear para yakapin niya sa pagtulog. Umiling siya sa sarili. Iuwi sa bahay? Teddy bear? Seriously? She never liked teddy bears.

“It’s okay, man.” Iniabot niya rito ang bag. “Bag

mo.”

“Salamat.” Kinuha nito iyon sa kanya at tumaas ang sulok ng mga labi nito.

Wow. Bumilis yata ang tibok ng puso niya. His teeth should have a fan club, too.

“Uhm...” anito. “I—”

“You should ice that jaw.” Inayos ni Kai ang pagkakasukbit ng sarili niyang bag sa balikat niya. “Mamamaga ’yan bukas.”

“Ah, yeah.” Wala sa sariling hinawakan ng kaharap ang namumulang panga, at napangiwi ito sa kirot.

Ngumiti siya at kumaway dito. “Sige.”

“Hey!” habol nito sa kanya. Naglalakad na ulit siya papunta sa convenience store. “Uhm...”

“What?”

Nagsalubong ang mga kilay nito at bumuka ang bibig pero walang lumabas na mga salita roon. Tsk. Cute pa rin ito kahit speechless.

“What?” ulit niya.

Napakagat-labi ito at napailing. “Ah, wala.”

Nagkibit-balikat si Kai at pumasok sa convenience store. Pumasok din ang lalaki at sinulyapan niya ito. Sa loob ng marahas na liwanag ng tindahan, tuluyan niyang nakita ang

kaguwapuhan nito.

The guy was drop dead gorgeous. His golden bronze skin was flawless. His shirt strained over his broad shoulders and wide chest, outlining the solid muscles. *Modelo ba ito? Puwede.* Baka nandito para mag-shoot ng kung anong advertisement. Wind, sun, sea, and yummy dude.

Yeah, she could see that.

Pinasadahan niya ulit ng tingin ang katawan nito.

Don't Drink and Derive, sabi sa puting kamiseta nito.

Napakunot ang noo ni Kai. Derive? Sh*t. Alam niya iyon. Mahilig sa corny Math jokes ang Kuya Jordan niya. Math iyon.

He smiled sheepishly and ran his hand through his messy hair. “Uhm... ice. Bibili ako ng ice.”

Tumango siya, alinlangang napasulyap ulit sa Math T-shirt nito. Gah! Kinikilabutan siya makita lang iyon. Dumerecho siya sa section ng ice cream. Kumuha siya ng dalawang tub ng chocolate ice cream, pagkatapos ay dumampot ng *Kit Kat*, *Toblerone*, at tatlong pakete ng *Kisses* mula sa estante.

Sa cashier, nakita niyang maang na nakatitig

ang lalaking-muntik-nang-manakawan sa chocolate goodies niya.

“My brother ate my chocolate truffles,”
paliwanag ni Kai rito.

Napakurap ito sa kanya “Oh,” ang tanging nasabi nito.

“I know, right? The f*cker.”

He bit his lip and nodded. “Okay...”

“Inuunti-unti ko pa naman ’yon. Mahal kasi. Isa sa mga araw na ito, papainan ko ’yang si Cole. Lalagyan ko ng pampurga ’yung mga tsokolate ko para sa kanya. Tingnan ko lang kung hindi pa siya madala.”

Kumibot ang mga labi ng kaharap. “Laxative, huh?”

“Yup. But I’ll trash his car first. I’ll paint it hot pink. He hates hot pink. I hate it, too. Ang sakit sa mata. Who likes hot pink? No one.”

“Uy, gusto ko ng hot pink, ’no,” sabat ni Rita, ang cashier. Naka-hot pink headband at lipstick ito. “Kinain na naman ni Cole ’yung mga chocolates mo?”

“Ano pa nga ba. Hey, hot pink looks good on you.”

“I know, right?” Nag-beautiful eyes ito at

tumawa. Tinanggap nito ang bayad ni Kai at ipinasok sa paper bag ang kanyang mga pinamili. “Night, Kai.”

Ngumiti siya rito at kumaway. “Night, Rita.”

Binuksan niya ang pinto ng convenience store, pero hindi niya napigilang sulyapan ulit ang lalaki. Nagulat siya nang makitang nakatitig din ito sa kanya. Nanlaki ang mga mata nito nang makitang nahuli niya itong nakatingin. Namula ang mga pisngi nito at agad binawi ang tingin. Mukhang kinakabahan ito habang nakatitig sa cash register.

Napangisi siya at napailing.

Oh, boy. She’d never seen a guy blush so much before. And darn, was he pretty. His bone structure was strong and masculine, but his expression, his soft brown eyes...

Napabuntong-hininga si Kai. Pretty.

Malapad ang ngiti niya habang naglalakad papunta sa kanyang apartment. Dinukot niya ang pakete ng *Kisses* sa paper bag at binuksan iyon. Nakakalimang *Kisses* na siya nang magtagyuan ang balahibo niya sa batok. Tumuwid ang likod niya.

Growing up with four brothers had honed her instincts and reflexes. Madalas siyang i-ambush ng mga ito sa bahay. Lalong-lalo na si Cole. Walang

sinabi si Macaulay Culkin ng *Home Alone* sa mga booby traps ng kapatid niya. Who needed a bully when she had a brother like Cole? Relying on her sixth sense meant survival when Cole was around. Ramdam niya kapag may nagmamatyag sa kanya, o kapag may nagbabantang manggulat sa kanya.

At sabi ng sixth sense niya, may sumusunod sa kanya.

Binilisan ni Kai ang lakad. At nang matanaw niya ang kanyang apartment, nilakihan niya ang mga hakbang pagkatapos ay nagtago sa tabi ng nakaparadang sasakyan.

Sinusundan pa rin siya ng kung sino.

Narinig niyang palapit nang palapit ang mga yabag nito.

“Come on, come on,” usal niya. Hinintay niyang lumagpas ito sa kotseng pinagtataguan niya para dumerecho at lagpasan ang apartment niya.

Pero huminto ito sa tapat ng sasakyan.

Naningkit ang mga mata niya. Man, mukhang masusubukan niya ang *Mixed Martial Arts* training niya.

Humakbang ang lalaki papunta sa kanyang apartment.

Oh, no you don't.

Hinintay niya itong makadalawang hakbang bago niya ito binunggo sa likod ng tuhod. Napa-oomph ang lalaki at napasubsob ito sa lupa. Dinaganan niya ito sa likod at hinuli ang dalawang kamay nito. Hah! Nagkamali ito ng pinuntiryang biktimahin. Nobody messed with Kai f*cking Mendoza. She didn't survive her four brothers for nothing. Sinabunutan niya ang lalaki at hinila pataas ang ulo nito para makita niya sa liwanag ang mukha nito.

“You messed with the wrong person, you mother f*cking nitwit. Why the f*ck are you following me? Why the hell are you—”

Napasinghap si Kai at nabitawan ang lalaki. Namimilog ang mga matang napatayo siya nang makilala si Yummy Dude.

“Hey!” bulalas niya. Dinuro niya ito at halos matisod siya sa pag-atras habang gulat na nakatitig sa yummy stalker niya.

“Uhm...” Napangiwi ito at naphawak sa likod nito. Nasinagan ito ng buwan at ng mga ilaw sa poste, pinapalamyos ang matitigas na anggulo ng guwapo nitong mukha.

“You're stalking me!” akusa ni Kai.

Sinalubong nito ang tingin niya. Nagliliwanag

ang kulay tsokolate nitong mga mata sa malamlam na ilaw. No, hindi tsokolate. It was more like caramel. Honey. Warm and syrupy. Parang bigla siyang naglaway para sa caramel at honey.

“Uhm... no, I wasn’t.”

“Oh, really?” Humalukipki siya.

Yummy or not, he was still a stalker. She didn’t like stalkers. They were creepy. And crazy. She should know. Maraming stalkers ang mga kapatid niya. Girl, boy, bakla, tomboy. Matanda, bata, teenager. Name it, they had it.

Hindi kaya set-up iyong snatcher kanina para tulungan niya ito? Baka ginawa nito iyon para makuha ang simpatya niya. The f*ck? Kidnapper ba ito? Pero hindi sila ganoon kayaman. Well, si Kuya Jordan niya siguro, oo. The guy had been saving every peso he had since they were toddlers. May pera rin kahit papaano ang mga magulang niya. Not a lot. But they had enough. Pero siya? She wished. Wala pa yatang fifty thousand ang pera niya sa bangko.

“Kung hindi mo ’ko sinusundan, ano’ng ginagawa mo? Papunta ka sa apartment ko. How the f*ck can you explain that? ’Fess up, or I’m calling the cops.”

“Uhm...” Maingat na umupo ang lalaki at alangang tumitig sa kanya.

The moonlight loved him. The soft pale light bathed him, making those soft brown eyes glow. Baka ma-hypnotize siya ng titig nito. May mga ganoong manggagantso, di ba? Nanghihipnotismo? Sh*t. Baka iyon ang modus operandi nito!

“Ano? Bakit ’andito ka? Bakit mo ako sinusundan? Ha?”

“Uhm...” Alangan itong napangiwi at napahawak sa batok nito. “Actually, I live here. Bagong lipat ako doon sa apartment dito.”

Napakurap si Kai. Pagkatapos ay napatikom at napalipad ang kanyang tingin sa duplex. Sa kanyang isipan, narinig niya ang paalala kanina ni Cole tungkol sa bagong kapit-bahay niya.

’Yung bago mong kapit-bahay, ’wag mong takutin sabi ni Mama!

“Oh.” Napahawak din siya sa kanyang batok.

Neighbor, huh? Sweet. Takutin ito? Pssh. She wasn’t scary. Siya pa! Kasing-amo siya ng tuta. Dinamba lang niya ito, di ba? No harm there.

“Uh... hey.” Napangiwi siya sa bagong kapit-bahay niya. “Welcome to the neighborhood.”